



# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN



ISANG BOOKLET  
PARA SA MGA  
DOMESTIKONG  
MANGGAGAWA  
SA QATAR

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng atensyon sa isang bilang ng mga pangunahing karapatan tulad ng nakalagay sa Mga Batas ng Mga Domestikong Manggagawa at Imigrasyon ng Qatar.

**May mga karagdagang karapatan.**

Para sa anumang mga katanungan, ang mga manggagawa ay dapat pumunta sa Departamento ng Mga Relasyon sa Paggawa ng Kagawaran ng Administratibong Pag-unlad, Mga Ugnayang Paggawa at Panlipunan (na kumukuha ng lahat ng mga dokumento sa pagtatrabaho).

## ANG MGA ISYU



**ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN**

# **KALAGAYAN AT KUNDISYON SA TRABAHO**

# ANG IYONG AKOMODASYON



## ANG BATAS

---

### SEKSYON 7 BATAS 15 NG 2017

Ang tagapag-employo ay responsible para sa mg sumusunod:

- + Pagbigay ng angkop na pabahay sa domestikong manggagawa

## ANG IYONG MGA KARAPATAN

---

- + May karapatan kang tumanggap ng angkop na akomodasyon. *Hal. May sapat na espasyo para komportableng magkasya ang kama at platera.* Nangangahulugan din ito na ang iyong espasyo sa pamumuhay ay ligtas at malinis.
- + At kung may kasama kang iba sa kwarto, ang iyong sariling kama ay dapat magkaroon ng sapat na pribasiya at seguridad para sa sarili at mga kagamitan



# ANG IYONG KALUSUGAN

## ANG BATAS

---

### SEKSYON 7 BATAS 15 NG 2017

Ang tagapag-employo ay responsible para sa mg sumusunod:

- + Magbigay ng naaangkop na pangangalagang medikal, gamot at kagamitang medikal sa kaso ng pagkakasakit o pinsala habang ginagampanan ang kanyang tungkulin, o bilang resulta nito, nang hindi nagkakaroon ng anumang pasaning pinansyal sa domestikong manggagawa.

## ANG IYONG KARAPATAN

---

- + Kung hindi maayos ang iyong pakiramdam o may kondisyong pangkalusugan na nangangailangan ng regular na atensyong medikal, dapat mo itong ipagbigay-alam sa iyong tagapag-empleyo at bumisita kaagad sa isang sentro ng kalusugan
- + Para sa mga pang-emerhensiyang sitwasyon sa Qatar, maaari mong i-dial ang 999.
- + May karapatan kang magkaroon at humawak ng isang health card sa iyong pag-aari, na binayaran ng tagapag-empleyo.
- + May karapatan kang tumanggap ng gamot at bumisita sa isang doktor.



## ANG IYONG PAGKAIN

### ANG BATAS

---

#### SEKSYON 7 BATAS 15 NG 2017

Ang tagapag-empleyo ay responsible para sa mg sumusunod:

- + Magbigay ng angkop na pagkain para sa domestikong manggagawa.

### ANG IYONG KARAPATAN

---

- + May karapatan kang tumanggap ng sapat na pagkain para mabusog at mapanatili ang iyong kalusugan.
- + May karapatan kang kumain ng tatlong beses sa isang araw nang hindi nagbabayad o gumagastos.

**ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN**

# **LUGAR AT URI NG TRABAHO**

## ANG IYONG LUGAR NG TRABAHO

### ANG BATAS

---

#### SEKSYON 9 BATAS 15 NG 2017

- + Ang tagapag-employo ay ay pinagbabawalang pagtrabahuin ang domestikong manggagawa sa labas ng Qatar, nang wala ang pahintulot ng manggagawa.



### ANG IYONG MGA KARAPATAN

---

- + Kapag hiniling sa iyo ng tagapag-employo na magtrabaho sa labas ng Qatar, may karapatan kang tumanggi.
- + Walang karapatan ang tagapag-employo na pilitin kang magtrabaho sa labas ng Qatar.

## ANG IYONG ORAS NG TRABAHO


### ANG BATAS

---

#### SEKSYON 12 BATAS 15 NG 2017

Ang tagapag-employo ay responsible para sa mg sumusunod:

- + Ang maximum na oras ng trabaho ay hindi lalampas sa sampung oras sa isang araw na may mga panahon ng pagtigil para sa pagdarasal, pamamahinga at pagkain. Ang mga panahong ito ay hindi isasama sa kalkulasyon ng mga oras ng trabaho





## ANG IYONG MGA KARAPATAN

---

- + Ang iyong mga oras ng trabaho ay hindi dapat humigit sa 10 oras sa isang araw.
- + Walang karapatan ang tagapag-employo na kailanganin kang magtrabaho ng higit sa 10 oras sa isang araw. Ang pamantayang kontrata para sa mga domestikong manggagawa ay binabanggit na ang araw ng pagtatrabaho ay 8 oras, at posibleng 2 karagdagang oras ng obertaym. Kung sumasang-ayon ka na mag-obertaym, sa kondisyon na ang kabuuang oras na nagtrabaho bawat araw ay hindi hihigit sa 10 oras, dapat kang bayaran ng karagdagan ng tagapag-employo. Dapat itong maging katumbas ng pangunahing sahod para sa normal na oras ng pagtatrabaho kasama ang dagdag na bayad na hindi bababa sa 25% ng pangunahing sahod [hal. QAR 10 na pangunahing sahod bawat oras + QAR 2.5 = Kabuuang dapat bayaran para sa 1 oras ng obertaym sa araw ng trabaho ay QAR 12.5].

## ANG IYONG TAUNANG BAKASYON

### ANG BATAS

---

#### SEKSYON 14 BATAS 15 NG 2017

- + Ang isang domestikong manggagawa ay may karapatan sa isang taunang bayad na bakasyon ng tatlong linggo para sa bawat taong ginugol sa serbisyo. Maaaring hatiin ng isang manggagawa ang gayong mga piyesta opisyal, piliin ang tiyempo nito at ang lugar kung saan kukunin, maliban kung mayroong kasunduang salungat dito



## ANG IYONG MGA KARAPATAN

---

- + Mayroon kang karapatan sa tatlong linggo ng taunang holiday sa pagtatapos ng bawat taon ng serbisyo.
- + Mayroon kang karapatang dalhin sa susunod na taon ang anumang natitirang mga araw ng taunang holiday na hindi mo nagamit

## ANG IYONG SEGURIDAD

### ANG BATAS

---

#### SEKSYON 7 BATAS 15 NG 2017

- + Hindi magtatrabaho ang isang domestikong mangagawa sa panahon ng kanyang pagliban dahil sa sakit.



## ANG IYONG MGA KARAPATAN

---

- + May karapatan kang magpahinga at hindi magtrabaho sa panahon ng karamdaman. Hindi maaaring hilingin ng tagapag-employo na magtrabaho ka sa panahon ng iyong karamdaman.
- + Alinsunod sa pamantayang kontrata para sa mga domestikong manggagawa, may karapatan ka sa bayad na pagliban dahil sa karamdaman na dalawang linggo para sa bawat taon na nagtrabaho pagkatapos makumpleto ang unang tatlong buwan na trabaho, sa kondisyon na mayroon kang isang sertipiko mula sa isang doktor.

# ANG IYONG MGA PAHINGA AT BREAK



## ANG BATAS

---

### SEKSYON 7 BATAS 15 NG 2017

- + Hindi magtatrabaho ang isang domestikong manggagawa sa panahon ng kanyang pahinga.

## ANG IYONG MGA KARAPATAN

---

### ANG IYONG MGA PAHINGA AT BREAK

- + May karapatan ka sa pahinga/mga break sa panahon ng iyong araw ng trabaho. Ang mga break na ito ay para sa pagkain, pagsamba, at pagpapahinga.


# ANG IYONG ARAW NG PAHINGA

## ANG BATAS

---

### SEKSYON 13 BATAS 15 NG 2017

- + Ang isang domestikong manggagawa ay may karapatan sa isang bayad na lingguhang holiday para sa pagpapahinga, na hindi bababa sa dalawampu't apat na magkakasunod na oras.
- + Ang tiyempo ng lingguhang pahinga ay tutukuyin batay sa kasunduan sa pagitan ng parehong partido tulad ng nakasaad sa kontrata sa pagtatrabaho.



## **SEKSYON 7 BATAS 15 NG 2017**

- + Ang isang domestikong manggagawa ay hindi dapat magtrabaho sa panahon ng kanyang lingguhang pahinga, maliban kung mayroong paunang kasunduan sa pagitan ng parehong partido na salungat dito.

### **ANG IYONG MGA KARAPATAN**

---

- + May karapatan ka sa isang buong araw na pahinga bawat linggo
- + Ang araw ng iyong day-off ay dapat mapagkasunduan bago ka lumagda sa kontrata at kailangang kasama sa kontrata.
- + Ang isang 'buong araw' ay hindi bababa sa 24 na sundo-sunod na oras - ang araw ng pahinga ay kinukuha sa kabuuan, hindi sa mga bahagi.
- + Sa iyong araw ng pahinga, mayroon kang karapatang magkaroon ng kumpletong pahinga mula sa trabaho/tungkulin, maliban kung sumang-ayon kang magtrabaho sa araw na iyon sa pamamagitan ng pagbabayad ng obertaym. Kung paminsan-minsan at sa kahilingan ng tagapag-empleyo, sumasang-ayon kang magtrabaho sa iyong araw ng pahinga, may karapatan kang kumuha ng 24-oras na pahinga sa ibang araw. Bilang karagdagan, may karapatan kang mabayaran ng halagang katumbas ng pangunahing sahod para sa normal na oras ng pagtatrabaho kasama ang dagdag na bayad na hindi bababa sa 150% ng pangunahing sahod [hal. QAR 10 na pangunahing sahod bawat oras + QAR 15 = Kabuuang dapat bayaran para sa 1 oras ng obertaym sa araw ng pahinga ay QAR 25].

*Mahalagang ipaalam sa iyong tagapag-empleyo kung aalis ka sa bahay sa iyong day off.*

**ALAMIN ANG IYONG KARAPATAN**

**ANG IYONG  
KARAPATANG  
PINANSYAL**

# ANG IYONG MGA SAHOD

## ANG BATAS

### SEKSYON 8 BATAS 15 NG 2017



- + Ang tagapag-empleyo ay responsable para sa pagbabayad ng buwanang sahod sa Qatari Riyals na napagkasunduan sa domestikong manggagawa sa pagtatapos ng buwan, o sa pinakahuli sa ikatlong araw ng kasunod na buwan.

## ANG IYONG MGA KARAPATAN

- + May karapatan kang matanggap ang sahod na ipinangako sa iyo sa iyong kontrata. Ang buwanang pangunahing minimum na sahod ng Qatar ay QAR 1,000, at hindi ka dapat makatanggap ng mas mababa sa halagang ito. Maaaring magkaroon rin ng minimum na sahod na napagkasunduan sa pagitan ng iyong bansa at ng Qatar, at ito ay dapat na nakasulat sa iyong kontrata.
- + May karapatan kang matanggap ang iyong suweldo sa katapusan ng buwan o sa napagkasunduang petsa, bawat buwan.
- + Ang iyong sahod ay dapat na ideposito sa iyong account sa bangko o dapat bayaran sa iyo ng cash. Kung tinatanggap mo ang iyong mga sahod sa cash, ang isang resibo ay dapat na ibigay sa iyo upang lagdaan na nagkukumpirma sa pagtanggap mo ng iyong sahod.

# MGA BAYARIN SA PAGRE-RECRUIT AT MGA NAUUGNAY NA GASTOS



## ANG BATAS

---

### SEKSYON 8 BATAS 15 NG 2017

- + Ang isang tagapag-empleyo ay pinagbabawalang magbawas ng anumang bayarin, gastusin, o komisyon mula sa sahod ng manggagawa bilang kapalit ng proseso ng pag-recruit mula sa ibang bansa.  
ANG IYONG MGA KARAPATAN (ANG BAYARIN SA PAG-RECRUIT)
- + Ang tagapag-empleyo o ahente ng pag-recruit ay hindi maaaring magbawas sa iyong buwanang sahod o hilingin ang bayad mula sa iyo para sa anumanggastos na nauugnay sa pag-recruit sa iyo kabilang ang mga bayarin sa pag-recruit, pamasaha sa eroplano, medikal na pagsubok at bayarin sa visa.

# ANG IYONG PAMASAHE SA EROPLANO



## ANG BATAS

---

### SEKSYON 14 BATAS 15 NG 2017

- + Ang isang domestikong manggagawa ay may karapatan din, para sa bawat dalawang taon sa serbisyo, sa isang tiket sa eroplano pabalik sa kanyang bansang pinagmulan o lugar ng tirahan upang magbakasyon.

- + Kapag ang isang domestikong manggagawa ay aalis sa Qatar sa pagkumpleto ng kontrata sa pagtatrabaho o aalis bago makumpleto ang kontrata sa pagtatrabaho dahil sa paglabag sa batas o sa kontrata sa pagtatrabaho ng tagapag-empleyo, ang manggagawa ay may karapatan sa isang tiket sa eroplano pabalik sa kanyang pinagmulang bansa o lugar ng tirahan.

## ANG IYONG MGA KARAPATAN

---

- + May karapatan kang makatanggap ng isang pabalik na tiket sa eroplano mula sa iyong tagapag-empleyo kapag nakumpleto mo ang dalawang taon ng serbisyo. Kailangang bayaran ng iyong tagapag-empleyo ang kabuuang gastos ng tiket sa eroplano, at hindi ka inaasahang magbayad ng anumang bahagi nito.
- + Alinsunod sa pamantayang kontrata para sa mga domestikong manggagawa, kung sakaling magpasya kang wakasan ang kontrata bago ito matapos habang iginagalang ang panahon ng abiso (nang walang anumang paglabag sa batas o sa kontrata sa pagtatrabaho ng tagapag-empleyo), dapat sagutin ng tagapag-empleyo ang di bababa sa bahagi ng gastos ng iyong pabalik na tiket sa eroplano. Babayaran ng iyong tagapag-empleyo ang bahagi ng tiket sa proporsyon ng aktwal na oras na nagtrabaho ka mula sa haba ng iyong kontrata.
- + **Halimbawa:** Ang iyong kontrata ay may bisa na 2 taon (o 24 na buwan). Napagpasyahan mong wakasan ito pagkatapos ng 18 buwan at bumalik sa iyong bansa. Isipin natin na ang presyo ng iyong tiket ay 1,500 QAR. Upang makalkula kung magkano ang pinakamababang kailangang bayaran ng iyong tagapag-empleyo,
  - + Hatiin muna natin ang 1,500 ng 24 (ang pangkalahatang tagal ng iyong kontrata):  $1,500 / 24 = 62.5$



- + Dahil nagtrabaho ka ng 18 buwan, ang iyong tagapag-employo ay magbabayad ng hindi bababa sa  $62.5 \times 18 =$  QAR 1,125

## ANG IYONG MGA BENEFISYO SA PAGTATAPOS NG SERBISYO



### ANG BATAS

---

#### SEKSYON 15 BATAS 15 NG 2017

- + Ang isang tagapag-employo ay responsable para sa pagbabayad ng mga benepisyo sa pagtatapos ng serbisyo sa isang domestikong manggagawa na tumagal ng hindi bababa sa serbisyo, mula sa petsa ng bisa ng Batas ng Mga Domestikong Manggagawa
- + hal. 12 September 2017, bilang karagdagan sa anumang iba pang mga karapatan.
- + Ang benepisyo sa pagtatapos ng serbisyo na ito ay tutukuyin sa kasunduan sa pagitan ng parehong partido sa kondisyon na ito ay hindi bababa sa tatlong linggong sahod para sa bawat taong ginugol sa serbisyo. Ang isang domestikong manggagawa ay may karapatan sa mga praksiyon ng taon na pinarami ng panahong ginugol sa serbisyo.

### ANG IYONG MGA KARAPATAN (ANG IYONG MGA BENEFISYO SA PAGTATAPOS NG SERBISYO)

---



- + Kung nagtrabaho ka para sa parehong tagapag-employo nang higit sa isang taon, may karapatan kang makatanggap ng isang benepisyo sa pagtatapos ng serbisyo mula sa iyong tagapag-employo.
- + Ang benepisyo sa pagtatapos ng serbisyo na ito ay hindi bababa sa sahod na makukuha mo sa loob ng tatlong linggo at kinakalkula para sa bawat taon na nagtrabaho ka.

# **KOMPENSASYON PARA SA IYONG PINSALA/MGA PINSALA**

## **ANG BATAS**

---

### **SEKSYON 19 BATAS 21 NG 2015**

- + Ang kompensasyon ay babayaran sa isang manggagawa para sa anumang aksidente sa trabaho ayon sa mga probisyon ng nabanggit sa itaas na Batas sa Paggawa.

## **ANG IYONG MGA KARAPATAN**

---

- + Kung ikaw ay nasaktan habang nasa trabaho, may karapatan kang tumanggap ng kompensasyon para sa pinsala.

**ANG IYONG MGA KARAPATAN**

**ANG IYONG MGA  
PANGKALAHATANG  
KARAPATAN  
SA ILALIM NG  
BATAS NG MGA  
DOMESTIKONG  
MANGGAGAWA**

# KONTRATA SA PAGTATRABAHO



## ANG BATAS

### SEKSYON 3 BATAS 15 NG 2017

- + Ang mga + A na domestikong manggagawa ay hindi maaaring kunin sa trabaho maliban sa paggamit ng isang kontrata sa pagtatrabaho, na nakasulat at sertipikado ng kagawaran, sa tatlong mga kopya
- + Ang isang kopya ay ibibigay sa bawat partido, at ang ikatlong kopya ay idedeposito sa kagawaran.
- + Ang kontrata sa trabaho ay dapat na nakasulat sa Arabe. Ang isang pagsasalin nito sa ibang wika ay maaaring isama.
- + Kailangang kasama sa kontrata sa pagtatrabaho ang mga probisyon tungkol sa ugnayan sa trabaho sa pagitan ng parehong partido.
- + Kailangang kasama rito, sa partikular, ang sumusunod na mga datos:
  1. *Pangalan ng tagapag-empleyo, nasyonalidad at address ng tirahan.*
  2. *Pangalan ng domestikong manggagawa, nasyonalidad at address ng tirahan.*
  3. *Petsa ng pagwawakas ng kontrata.*
  4. *Uri at katangian ng trabahong ipinagkatiwala sa isang domestikong manggagawa.*
  5. *Petsa kung kailan nagsimula ang trabaho, at ang panahon ng probasyon.*
  6. *Ang tagal ng kontrata, mga kundisyon ng pag-renew, at pagwawakas.*
  7. *Napagkasunduang sahod, at paraan at petsa ng pagbabayad nito.*

8. *Anumang mga probisyon o datos na tinukoy sa batas na ito.*



## **ANG IYONG MGA KARAPATAN**

---

- + Ang isang tagapag-employo ay walang karapatan na pagtrabahuin ka maliban sa pagtatapos na palagdain ka ng isang kontrata sa pagtatrabaho. Ang kontrata sa pagtatrabaho na ito ay kailangang maglaman ng lahat ng mga detalye na kinakailangan ng batas.
- + May karapatan kang tumanggap ng isang kopya ng nilagdaang kontrata sa pagtatrabaho. Ang kontrata ay nakasulat sa Arabe at Ingles.

## **PAGWAWAKAS NG IYONG KONTRATA**

### **ANG BATAS**

---

#### **BAGO MAGTAPOS ANG PANAHOON NG PROBASYON**

#### **ARTIKULO 1 NG BATAS BILANG 18 NG 2020**

- + Kung nais ng isang manggagawa na magpalit ng trabaho sa panahon ng kanyang probasyon, dapat niyang bigyan ang kanyang kasalukuyang tagapag-employo ng isang buwan na abiso sa pamamagitan ng elektronikong sistema ng Kagawaran ng Administratibong Pag-unlad, Mga Ugnayang Paggawa at Panlipunan (Ministry of Administrative Development, Labor and Social Affairs, ADLSA). Kailangan niyang patuloy na magtrabaho sa panahon ng abiso. Dapat bayaran ng bagong tagapag-employo ang kasalukuyang tagapag-employo ng bahagi ng mga bayarin sa pag-recruit at tiket sa eroplano, kung mayroon man. Ang halagang babayaran ay hindi hihigit sa katumbas ng dalawang buwan ng pangunahing sahod ng manggagawa.

- + Kung nais wakasan ng isang manggagawa ang kontrata sa pagtatrabaho at umalis sa Qatar, kailangan niyang bigyan ng abiso ang kanyang kasalukuyang tagapag-employo sa pamamagitan ng ADLSA. Kailangan niyang patuloy na magtrabaho sa panahon ng abiso na napagkasunduan sa tagapag-employo. Gayunpaman, ang panahon ng abiso ay hindi maaaring lumagpas sa 2 buwan.

## **PAGKATAPOS NG PANAHOON NG PROBASYON**

### **ARTIKULO 1 NG BATAS BILANG 18 NG 2020**

- + Kung nais ng isang manggagawa na magpalit ng trabaho pagkatapos ng kanyang panahon ng probasyon, dapat niyang bigyan ang kanyang kasalukuyang tagapag-employo ng abiso gaya ng tinukoy sa ibaba:
  - Sa unang dalawang taon ng pagtatrabaho, ang panahon ng abiso ay isang buwan.
  - Pagkatapos ng unang dalawang taon ng pagtatrabaho, ang panahon ng abiso ay dalawang buwan.
- + Ang abiso ay dapat ibigay sa pamamagitan ng sistemang elektroniko ng ADLSA.
- + Kailangang patuloy na magtrabaho sa tagapag-employo ang manggagawa sa panahon ng abiso, maliban kung may ibang napagkasunduan ang parehong partido.
- + Ang parehong mga patakaran ang nalalapat para sa isang manggagawa na nagnanais na wakasan ang kontrata sa pagtatrabaho upang umalis sa Qatar.

## **ANUMANG ORAS SA PANAHOON NG KONTRATA**

### **SEKSYON 17 BATAS 15 NG 2017**

Maaaring wakasan ng isang manggagawa ang kontrata sa pagtatrabaho bago matapos ang tagal nito habang

pinangangalagaan ang kanyang buong karapatan para sa benepisyo sa pagtatapos ng serbisyo sa alinman sa mga sumusunod na kaso:

- + Kung hindinatutugunan ng tagapag-empleyo ang kanyang mga obligasyong tinukoy sa mga probisyon ng batas na ito o sa kontrata sa pagtatrabaho.
- + Kung ang isang tagapag-empleyo, o isang taong inatasan niya, ay nandaya sa oras ng pagtatapos ng kontrata ng isang manggagawa, patungkol sa mga tuntunin sa pagtatrabaho.
- + Kung ang isang tagapag-empleyo o isang miyembro ng kanyang pamilya ay naging agresibo sa isang manggagawa, na pisikal na pumipinsala sa manggagawa o nagbabanta sa kanyang buhay.
- + Sa kaganapan ng isang seryosong panganib na nagbabanta sa kaligtasan o kalusugan ng isang manggagawa, sa kondisyon na alam ng tagapag-empleyo ang panganib, at hindi hinangad na alisin ito

## **ANG IYONG MGA KARAPATAN**

---

- + May karapatan kang wakasan ang iyong kontrata bago matapos ang tagal nito kung nais mong magpalit ng trabaho o kung nais mong umalis ng bansa.
- + Hindi na kailangan ng mga manggagawa ang isang “No Objection Certificate” upang magpalit ng trabaho sa Qatar. Upang malaman ang higit pa tungkol sa proseso ng pagpapalit ng trabaho, mangyaring pumunta sa website ng Kagawaran ng Administratibong Pag-unlad, Mga Ugnayang Paggawa at Panlipunan.
- + May karapatan kang wakasan ang iyong kontrata sa anumang oras ng panahon ng kontrata, nang hindi nangangailangan ng anumang abiso, sa mga sumusunod na kaso:

- Kung ang iyong tagapag-empleyo ay hindi tumupad sa anuman o lahat ng mga obligasyon sa ilalim ng kontrata.
  - Kung ang iyong tagapag-empleyo o isang ahente sa pag-recruit ay niloko ka kaugnay sa mga tuntunin ng kontrata.
  - Kung pisikal kang sinaktan ng iyong tagapag-empleyo o ng mga miyembro ng kanyang pamilya.
  - Kung mayroong isang seryosong panganib na nagbabanta sa iyong buhay o kalusugan sa iyong pinagtatrabahuan.
- + Sa mga sitwasyong ito, may karapatan ka sa mga benepisyo sa pagtatapos ng serbisyo.
  - + Kailangan mong iproseso upang wakasan ang kontrata sa pamamagitan ng elektronikong sistema ng abiso ng ADLSA. Upang malaman ang higit pa tungkol sa proseso, mangyaring pumunta sa website ng Kagawaran ng Administratibong Pag-unlad, Mga Ugnayang Paggawa at Panlipunan.
  - + Maaaring magpalit ng trabaho ang mga manggagawa sa loob ng 90 araw kasunod ng pagkapaso ng QID (maliban kung napaso ang QID para sa mga kadahilanang wala sa kontrol ng manggagawa).
  - + Tandaan na maaari ring wakasan ng iyong tagapag-empleyo ang iyong kontrata sa pagtatrabaho.



# ANG IYONG MGA DOKUMENTO NG PAGKAKAKILANLAN



## ANG BATAS

---

### ARTIKULO 8 BATAS 21 NG 2015

- + Ibabalik ng tagapag-empleyo ang pasaporte o dokumento sa paglalakbay sa expatriate na manggagawa matapos na ma-finalize ang pamamaraan ng permit o pag-renew nito maliban kung humiling nang pasulat ang expatriate na manggagawa na panatilihin sa tagapag-empleyo ang pangangalaga nito.

## ANG IYONG MGA KARAPATAN

---

- + May karapatan kang hawakan ang iyong pasaporte at ang anumang mga dokumento sa pag-biyahe at panatilihin ang mga ito sa iyo maliban kung kailangan ito ng iyong tagapag-empleyo para sa mga layuning pag-file ng permit sa pagiging residente o pag-renew ng pasaporte.
- \* *Ang isang tagapag-empleyo na sapilitang nagtatago ng mga dokumento sa paglalakbay ng isang manggagawa ay lumalabag sa batas at napapailalim sa isang maximum na multa na Qr. 25,000.*

# PAG-ALIS SA ESTADO NG QATAR



## ANG BATAS

---

### ARTIKULO 2 NG MINISTERI NG INTERIOR DESIYON BLG. 95 NG 2019

- + Ang mga domestikong manggagawa ay may karapatang umalis pansamantala sa bansa, o umalis sa bansa na walang tiyak na pagbalik sa panahon ng pagkakaroon ng bisa ng kanilang kontrata sa pagtatrabaho. Dapat abisuhan ng manggagawa ang tagapag-empleyo ang kanyang hangarin nang hindi bababa sa 72 oras na abiso.

## ANG IYONG MGA KARAPATAN


---

- + Hindi mo na kailangan ng isang exit permit upang umalis sa Qatar. Gayunpaman, dapat mong abisuhan ang iyong tagapag-empleyo tungkol sa iyong mga plano na umalis sa bansa ng hindi bababa sa 72 oras na abiso. Maaari mo itong gawin nang pasalita o pasulat.

**ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN**

**ANG IYONG  
KARAPATAN  
NA MAGING  
MALAYA MULA  
SA PISIKAL AT  
SIKOLOHIKAL NA  
PINSALA**

# KALAYAAN MULA SA PISIKAL AT SIKOLOHIKAL NA PINSALA



## ANG BATAS

---

### SEKSYON 7 BATAS 15 NG 2017

Ang tagapag-employo ay responsable na:


- + Tratuhan nang maayos ang domestikong manggagawa, sa isang paraan na pangangalagaan ang kanilang dignidad at kapakanan.
- + Iwasang ilagay sa panganib ang kalusugan o buhay ng isang domestikong manggagawa, o pisikal o moral na saktan siya sa anumang paraan.

## ANG IYONG MGA KARAPATAN

---

- + May karapatan kang tratuhin nang disente at may respeto ng tagapag-employo at ng mga miyembro ng sambahayan ng tagapag-employo.

# ANG IYONG KARAPATAN NA MAGING MALAYA MULA SA PAGKAKAKULONG AT TORTURE



## ANG BATAS

---

### ARTIKULO 36, KONSTITUSYON NG QATAR

Ang tagapag-empleyo ay responsible para sa mg sumusunod

- + Ang personal na kalayaan ay ginagarantiyahan at walang sinuman ang maaaring arestuhin, ikulong, kapkapan, hindi rin maaaring paghigpitan ang kanyang kalayaan sa tirahan at paggalaw sa ilalim ng probisyon ng batas; at walang sinuman ang maaaring i-torture o tratuhin sa nakakahiyang paraan; at ang pag-torture ay ituturing na isang krimen na maaaring parusahan ng batas.

### ANG IYONG MGA KARAPATAN (ANG IYONG KARAPATANG MAGING MALAYA MULA SA PAGKAKAKULONG AT MAGING MALAYA MULA SA PAGKAKA-TORTURE)

---

- + Ang tagapag-empleyo ay walang karapatang puwersahan kang ikulong sa kanyang bahay.
- + Ang tagapag-empleyo ay walang karapatang isailalim ka sa anumang hindi makataong pagtrato, tulad ng pagtanggap na bigyan ka ng pagkain, puwersahang pagkulong sa iyo sa isang espasyo, na nagdudulot sa iyo ng pisikal o sekswal na pinsala.

**ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN**

**ANG IYONG  
MGA  
RESPONSIBILIDAD  
SA ILALIM NG  
BATAS NG MGA  
DOMESTIKONG  
MANGGAGAWA**

# MGA RESPONSABILIDAD



## ANG BATAS

### SEKSYON 11, BATAS BLG. 2017 15

Ang isang domestic worker ay dapat na nakatuon sa mga sumusunod:

- + Igalang ang mga batas, kaugalian, tradisyon, relihiyon at moral na pagpapahalaga ng Estado ng Qatar.
- + Isagawa ang gawaing napagkasunduan, at anumang iba pang gawaing hiniling, nang tama at matapat.
- + Panatilihin ang mga lihim, pera at pag-aari ng tagapag-employo, mga miyembro ng pamilya ng tagapag-employo at mga bisita, at hindi pagpinsala sa kanilang mga interes.
- + Sundin ang mga tagubilin ng tagapag-employo at mga miyembro ng pamilya ng tagapag-employo sa pinakamainam na paraan, maliban kung lumalabag sila sa batas o sa iyong kontrata sa pagtatrabaho, o mailagay sa panganib ang iyong buhay, o pera, o ang buhay o pera ng iba.
- + Panatilihin ang mga bagay na natanggap upang magawa ang iyong trabaho, ginagamit lamang ang mga ito para sa kanilang hangarin, ayon sa likas na katangian ng paggamit, at ibalik ang mga ito sa tagapag-employo sa pagtatapos ng iyong serbisyo.
- + Huwag gumawa ng bayad o hindi bayad na trabaho para sa iba, na lumalabag sa batas o mga regulasyong naaangkop sa Estado ng Qatar.
- + Tratuhan nang mabuti ang tagapag-employo at pamilya ng tagapag-employo at ang mga residente at iwasang saktan sila, lalo na ang mga bata at nakatatanda.

Kung hindi natutupad ng tagapag-  
empleyo ang anuman o lahat ng iyong  
mga karapatan, maaari kang mag-file  
ng isang reklamo sa Kagawaran ng  
Relasyon sa Paggawa ng Kagawaran  
ng Administratibong Pag-unlad, Mga  
Ugnayang Paggawa at Panlipunan.

Upang gumawa ng reklamo, ang  
Kagawaran ay may 24-oras na serbisyong  
hotline upang tumanggap ng mga reklamo  
at mga pahayag mula sa mga manggagawa  
sa mga numerong **40280661** at **16008**.

Ang mga reklamo sa trabaho ay maaari  
ring ipadala sa pamamagitan ng SMS sa  
**92727** sa pamamagitan ng paglalagay ng  
numerong 5 pagkatapos ay ang numero ng  
QID o numero ng visa. Ang mga reklamo sa  
trabaho ay maaari ring ipadala sa email ng  
kagawaran sa: [info@adlsa.gov.qa](mailto:info@adlsa.gov.qa)

Maaari ring gamitin ng mga manggagawa  
ang elektronikong Pinag-isang Plataporma  
ng Kagawaran para sa Mga Reklamo at  
Pagsusumbong.



Ang booklet na ito ay binuo katuwang ang  
Migrant-Rights.org kasama ang suporta mula sa  
Internasyonal na Samahan sa Paggawa









